

Pampublikong Update sa COVID-19 – ika-7 ng Abril 2020

Karagdagang bente (20) na resulta ng pagsusuri ang natanggap mula sa laboratoryo sa UK.

Ang mga bagong resulta ay nagpakita ng karagdagang tatlong (3) positibong resulta sa Falkland Islands.

Umaabot na sa lima (5) ang kabuuang dami ng positibong resulta, at ang lahat ng mga indibidwal na ito ay kasalukuyang naglilingkod sa Mount Pleasant Complex, at ang dalawa sa kanila ay kasalukuyang tumatanggap ng pangangalaga sa KEMH.

Ang iba pang tatlong mga indibidwal ay nasa isolation o nakahiwalay na sa loob ng Base bilang bahagi ng patuloy na pagsasaayos ng MPC para sa pagharap sa mga posibleng kaso.

Mula pa noong Sabado, ika-4 ng Abril, 137 na sample ang nakuha at nasuri sa UK. 131 ay lumabas na negatibo na pagsusuri. Ang nalalabing anim (6) na swabs ay galing sa limang (5) na indibidwal na ngayon ay lumabas na positibo sa COVID-19.

Ang unang tao na lumabas na positibo sa COVID-19 ay gumaling na.

Ang pangalawang pasyente galing sa MPC, na tinanggap noong nakaraang linggo at ngayon ay kumpirmado na base sa bagong resulta na mayroon siyang COVID-19, ay nananatili sa isolation section ng ospital at tumatanggap ng pangangalaga.

Ang batang babae na nagkaroon ng seryosong respiratory condition na walang kinalaman sa COVID-19 ay kasalukuyang inaalagaan sa isang non-isolation na parte ng ospital at patuloy na bumubuti ang kalagayan. Siya ay nakalabas na ngayong tanghali, ika-7 ng Abril.

Hinihiling ng KEMH sa publiko na huwag gamitin ang daanan mula sa St. Mary's Walk (sa gawing Hilaga) pababa sa Secretariat (sa gawing Timog) na matatagpuan sa silangang huling-bahagi ng ospital. Ang walkway ay tumatagos sa bakuran ng KEMH at ginagamit para sa mga gawaing pang-ospital.

Paglalakbay mula Stanley at MPC

Ang Gobyerno ng Falkland Islands ay patuloy na nakikipag-ugnayan sa BFSAI upang pamahalaan ang mga paggalaw sa pagitan ng Stanley and Mount Pleasant Complex.

May inilagay na mga hakbang ang BFSAI para higpitan ang mga paggalaw mula MPC hanggang Stanley.

Ang FIG ay patuloy na nagtatrabaho para suportahan ang BFSAI sa mga kaayusan sa paglalakbay bilang pagsisikap na mabawasan ang paglalakbay sa pagitan ng dalawang lokasyon at para masiguro na ang importanteng biyahe lamang ang isinasagawa.

Para matiyak ang integridad ng mga paglalakbay sa pagitan ng MPC at Stanley, ang RFIP ay magsasagawa ng mga piling pagsisiyasat sa mga sasakyan.

Simumang maglalakbay mula sa MPC ay dapat na may dala-dalang written authorisation.

Ang mga tao na maglalakbay mula sa Camp ay maaaring patigilin, kung saan sila ay bibigyan ng payo sa social distancing.

Mga Patnubay sa Self-Isolation at Social Distancing

Pinagtitiyap ng Gobyerno ang mga patnubay sa Self-Isolation at Social Distancing, upang masabihan ang mangilan-ngilang bilang ng mga natatanging mga grupo ng tao na kumilos ng responsable at mag self-isolate para sa ikabubuti ng komunidad.

Ang bawat grupo ay may iba't ibang dahilan para sila ay sumailalim sa isolation, at ang patnubay sa bawat isa ay espesipiko.

Narito ang mga grupo na kasalukuyang inaabisuhan, at patnubay para sa kanila, kasama ng patnubay sa Social Distance para sa lahat. Ang patnubay na ito ay makikita mamaya sa [website fig.gov.fk/covid-19](https://www.gov.fk/covid-19)

1. Quarantine

Kung kakarating mo lang sa isla, kailangan mong mag self-isolate sa loob ng labingapat (14) na araw kung sakaling meron kang COVID-19 at hindi mo alam. Ang ibang mga tao na may COVID-19 ay hindi nagkakasakit ngunit ayaw nating hindi magbakasakali na maari mong hawaan ang ibang tao sa paligid mo.

Sa gayon, nag se-self isolate tayo **para protektahan ang ibang tao.**

Sa praktikal na panuntunan, ang ibig sabihin nito ay hindi ka dapat umalis ng iyong bahay sa **kahit na anong** kadahilanan. Kailangan mong huminigi ng tulong sa ibang tao para gawin ang iyong pamimili at iba pa at iwan ang mga pinamili sa iyong porch.

Kung ikaw ay nakatira kasama ng ibang tao, kailangan mong mamuhay ng hiwalay sa ibang tao sa parehong bahay. Ibig sabihin nito ay

- Ang pagkakaroon ng isang hiwalay na silid-tulugan at banyo
- Palagiang nakahiwalay ng dalawang (2) metro ang layo mula sa ibang tao kung kayo ay nasa isang silid
- Linisin ang lahat ng mga ibabaw pagkatapos mong hawakan ang mga ito

Kung hindi mo ito magawa, kailangan mong i-quarantine ang sarili mo sa ibang lugar o ang buong nasa kabahayan ay dapat na magsama-samang mag-quarantine. Kung kailangan mo pa ng ibang tulong tungkol dito, maaaring tumawag sa KEMH sa numerong 28000.

2. Mga high risk o namimiligrong mga indibidwal

Dahil sa maraming kadahilanan, tulad ng edad at underlying health conditions, ikaw ay nakilala na nasa mataas na panganib na magkaroon ng mga komplikasyon kung sakaling ikaw ay magkaroon ng COVID-19 at sa gayon ay hiniling na mag self-isolate sa loob ng labindalawang (12) linggo.

Sa gayon, ikaw ay hiniling na mag self-isolate **para sa iyong proteksiyon.**

Ibig sabihin nito ay

- Manatili sa bahay – humingi ng tulong sa pagkuha ng groceries at iba pa at iwan ito sa iyong porch. Huwag pumunta sa paaralan, trabaho, o sa mga pampublikong lugar.
- Ihiwalay ang iyong sarili mula sa ibang tao sa iyong bahay, lalo na kung hindi sila nag se-self isolate. Maganda kung ikaw ay nasa hiwalay na silid na may nakabukas na bintana.
- Kung ikaw ay may dalawang banyo ay gumamit ng isa sa kanila. Kung hindi, ikaw na huling gumamit nito, ay dapat maglinis nito pagkatapos gamitin kung maaari.
- Dalasan at maayos na hugasan ang mga kamay.
- Iwasan ang pagbabahagi o paggamit ng parehong mga gamit sa bahay tulad ng tasa, baso, tuwalya, kobre kama at iba pa.
- Huwag tumanggap ng bisita sa iyong tahanan.
- Maaari kang lumabas para maglakad at lumanghap ng sariwang hangin kung mananatili ang isa hanggang dalawang metro ang layo mo sa ibang tao. Subukan na huwag mag-share ng sasakyan. Kung ikaw ay nakiki-share ng sasakyan, buksan ang mga bintana.

3. Mga Indibidwal na may Sintomas

Dahil sa iyong mga sintomas, kami ay naniniwala na maaring ikaw ay may COVID-19 at sa gayon ikaw ay hiniling na mag self-isolate sa loob ng labingapat (14) na araw, at dapat na may karagdagang pitong (7) araw na ikaw ay wala ng sintomas.

(Kailangan mo ring tawagan ang KEMH para i-report ang iyong mga sintomas at humingi ng karagdagang abiso o tulad ng paghingi ng swab at iba pa).

Sa gayon, ikaw ay hiniling na mag self-isolate **para sa protektahan ang ibang tao.**

Ibig sabihin nito ay hindi ka dapat umalis ng iyong bahay sa **kahit na anong** kadahilanan, maliban sa maikling ehersisyo o pagmamaneho ng sariling sasakyan, ng mag-isa. Kailangan mong huminigi ng tulong sa ibang tao para gawin ang iyong pamimili at iba pa at iwan ang mga pinamili sa iyong porch.

Kung ikaw ay nakatira kasama ng ibang tao, kailangan mong ipanatili ang social distancing mula sa kanila SA LOOB ng tahanan. Ibig sabihin nito ay hindi ka makiki-share ng kama at dapat na hindi mag-share ng banyo. Kung kailangan niyong mag-share nga banyo ay dapat mong linisin ito pagkatapos ng bawat paggamit. Kailangan mo ring madalas na linisin ang lahat ng mga bagay na madalas hawakan tulad ng light switches at iba pa.

Kung imposible para sa yo na humiwalay sa iyong buong tahanan ay kailangan mong i-quarantine ang sarili mo sa ibang lugar o ang buong nasa kabahayan ay dapat na magsama-samang mag-quarantine.

Payo para sa lahat patungkol sa Social Distancing

Kasalukuyang inaabisuhan ang lahat na magpanitili ng mabuting social distancing. Ang ibig sabihin ay huwag lumapit sa loob ng dalawang (2) metro mula sa ibang tao na **hindi nakatira** kasama mo.

Sa pag-aakalang wala ni isa sa inyo ang may sintomas, (at wala sa moderate o high risk na mga grupo) ay hindi mo kailangang magpanitili ng social distancing sa loob ng iyong tahanan, subalit, kailangan mo pa ring mag-ingat tulad ng madalas na paghuhugas ng kamay at paglilinis o pagpupunas ng mga bagay na madalas hawakan tulad ng light switches at flush ng kubeta.

Kung ikaw ay babalik sa bahay mula sa labas ng iyong tahanan, tulad ng pag-uwi mula sa trabaho, ay kailangan mong maghugas ng iyong mga kamay at magpalit ng damit (labhan ang mga damit na gamit sa trabaho sa maaaring pinakamababang temperatura na 60 degrees) pagdating sa bahay.

Kung ikaw ay may mga anak na regular na palipat-lipat mula sa dalawang tahanan, ito ay maari pa ring gawin ngunit ito ay dapat na huwag gawin ng madalas.

Sinuman sa inyong mga tahanan ay magkaroon ng sintomas, ang mga bata ay dapat manatili kung saang tahanan man sila kasalukuyang naglalagi hanggang sa matapos ang labingapat (14) na araw na panahon ng self-isolation.

Ang mga payo patungkol sa lahat ng pagtugon ng Gobeyrno ng Falkland Islands sa pag-responde sa COVID-19 ay maaaring magbago. Manatiling nakatutok sa lahat ng susunod na pahayag mula sa Gobyrno sa lokal na media at sa pamamagitan ng FIG at Community Facebook pages, ang webpage na fig.gov.fk/covid-19 at iba pang mga channels.